HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-20 NG HULYO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |

---

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 166-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN AT KAPAHINTULUTAN SA MABUNYING PUNONG LUNGSOD, INH. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAKAPASOK AT MAKALAGDA SA KASUNDUAN (MEMORANDUM OF UNDERSTANDING) SA PAGITAN NG BEST CARE MEDICAL CLINIC AND DIAGNOSTIC CENTER, INC. AT NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD PARA SA PAGPAPATUPAD NG MASS/TARGETED TESTING PARA SA COVID-19 SA LUNGSOD NG MALOLOS.

PANGUNAHING MAY AKDA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA AT KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

SAPAGKAT, batay sa Seksyon 15 ng Artikulo II ng 1987 Saligang Batas ng Pilipinas na dapat itaguyod ng estado at pangalagaan ang karapatan sa kalusugan ng mga mamamayan at ikintal ang kamalayang pangkalusugan sa kanila;

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o' mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

SAPAGKAT, pinagtibay ng mabunying Sangguniang Panlungsod ang City Ordinance No. 10-2020 o' ang 'COVID-19 Prevention and Control Ordinance', noong ika-16 ng Marso 2020 na may layuning labanan at pigilan ang paglaganap ng Pandemiko bunsod ng COVID-19 Virus sa lungsod;

SAPAGKAT, dama at batid ng Pamahalaang Panlungsod at ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos ang hirap na dinaranas lalo na sa aspetong pinansiyal ng mga pamilyang Maloleño bunsod ng ipinatutupad na Community Quarantine na nagpabalam sa mga hanap-buhay at pinagkukuhanan ng kabuhayan ng bawat isa;

SAPAGKAT, sa kasalukuyan ay nakapagtala ang Lungsod ng Malolos ng kabuuang 110 kaso ng COVID-19 at 8 dito ay nasawi;

Sa pmamagitan ng kahilingan ni Kgg. Nino Carlo C. Bautista na sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na binibigyang kapangyarihan at kapahintulutan ang Punong Lungsod, Inh. Gilbert T. Gatchalian na makapasok at makalagda sa kasunduan (Memorandum of Understanding) sa pagitan ng Best Care Medical Clinic and Diagnostic Center, Inc. at ng Pamahalaang Panlungsod para sa pagpapatupad ng mass/targeted testing para sa COVID-19 sa Lungsod ng Malolos.

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

IPINASIYA PA RIN, na maisama sa Panukalang Memorandum of Understanding (MOU) ang mga sumusunod:

1. Malinaw sa 2.2 (a) na ang Testing Kit ay para sa RT-PCR;
2. Malinaw sa 2.2 (a) na ang halagang Php2,000.00 ay para sa buong proseso mula sa testing kit hanggang sa analysis stage;
3. Maging mahigpit sa pagpapatupad ng 'confidentiality rule';
4. Maipasama sa nilalaman ng MOU na mapahintulutan na ma-analyze ang mga SWAB Test ng Lungsod ng Malolos liban pa sa Testing Kit na bibilhin ng lungsod sa Best Care;

IPINASIYA PA RIN, na ang pondong dito'y gagamitin ay kukuhanin sa paglalaang pinagtibay ng Sangguniang Panlungsod.

PINAGTIBAY.

**KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

*KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. AROEGA
KASANGGUNI

*KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI
Pansamantalang Nangulo sa Hapag

*hindi nakadalo
**wala sa panahon na pinagtibay ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod

DhorieTrogo(SPC2)*07202020